



## Pagiging Karapat-dapat sa California Early Start

Ang mga sanggol at paslit, mula pagkapanganak hanggang sa edad na 36 na buwan, ay karapat-dapat para sa programang Early Start kung nangangailangan sila ng mga serbisyo ng maagang interbensyon dahil sa isa sa mga sumusunod:

### 1 Mga pagkaantala sa pag-unlad

Mga sanggol at paslit na natagpuang may malaking pagkakaiba (hindi bababa sa 25%) sa pagitan ng inaasahang antas ng pag-unlad para sa kanilang edad at kasalukuyang antas ng punsyon sa sumusunod na anim na aspeto:

- Kognitibo
- Pisikal/Motor
- Komunikasyong Naipapahayag ang Sarili
- Komunikasyong Nakakaunawa
- Pakikisalamuha/Emosyonal
- Mga Kasanayan sa Pag-akma ng Sarili

### 2 Mga Naitatag Nang Panganib

Kapag ang isang sanggol o paslit ay may kondisyon na may mataas na posibilidad na magresulta sa pagkaantala sa pag-unlad. Isang halimbawa ay isang batang ipinanganak na may Down syndrome o Prader-Willi.

### 3 Mataas na Panganib ng Kapananan sa Pag-unlad

*May dalawa o higit pa sa mga sumusunod na salik:*

- Wala pang 32 linggo sa sinapupunan at/o mababang timbang na wala pang 1500 gramo
- Kinabitan ng bentilasyon (assisted ventilation) ng 48 oras o mas matagal pa, sa panahon ng unang 28 araw ng buhay



## Ang Aming Misyon

*Maglingkod at bigyan ng lakas ang mga taong may deelopmental na kapansanan at ang kanilang pamilya na makamit ang kanilang mga layunin kasama ang mga kasamahan sa komunidad.*

Para sa karagdagang impormasyon o para mag-apply para sa mga serbisyo ng Early Start o Regional Center ng California, mangyaring makipag-ugnayan sa:

### County ng San Diego

Tumawag sa Telepono ng Early Start:  
(858) 496-4318

Telepono ng Regional Center:  
(858) 576-2938

### County ng Imperial

Telepono ng Early Start at Intake Department ng Regional Center:  
(760) 355-8383



Sentrong Panrehiyon ng San Diego  
4355 Ruffin Road, San Diego, CA 92123  
P (858) 576-2996 / F (858) 576-2873

[www.sdrc.org](http://www.sdrc.org)



## Pagiging Karapat-dapat



Sentrong Panrehiyon ng San Diego

Paglingkuran ang mga Indibidwal na may Deelopmental na Kapansanan sa San Diego at Imperial Counties.



## Ang Malalaman

**Upang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo, kailangan mong maging residente ng County ng San Diego o Imperial County.**

Ang California Early Start ay isang sistema ng mga serbisyo sa maagang interbensyon na pinopondohan ng pederal na pamahalaan para sa mga sanggol at paslit na bata mula sa edad na 36 na buwan.

Pinagsasama ng programa ang mga mapagkukunan at serbisyo upang tulungan ang mga sanggol at paslit na batang lumaki at matuto, maiwasan o mabawasan ang pangangailangan para sa mga espesyal na serbisyo sa kalaunan, at matiyak na nagsisimula sa pinakamahusay na paraan ang bata hangga't maaari.

Ang mga serbisyo ng **San Diego Regional Center** ay sumusuporta sa mga indibidwal na nasa edad na tatlong taon at pataas.

Pinagpapasyahan namin ang pagiging karapat-dapat at tumutulong sa pagpapalano, pag-access, pag-uugnay, at pagsubaybay sa mga serbisyo at suportang kailangan dahil sa kapansanan sa pag-unlad.

*Walang ipinapataw na singil sa dyagnosis at pagtatasa sa pagiging karapat-dapat.*

Sa oras na mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat, magtatalaga ng case manager (tagapamahala ng kaso) o service coordinator (tagapag-ugnay ng serbisyo) upang tumulong sa pagbuo ng Individual Program Plan (IPP, Pang-indibidwal na Plano ng Programa) para sa mga serbisyo, pagtukoy kung saan mayroong serbisyo, at tumulong sa inyong makuha ang mga tinukoy na serbisyo.

*Libre ang karamihan sa mga serbisyo at suporta.*



- Maikling panahon sa sinapupunan
- Asphyxia neonatorum
- Malubha at nagpapatuloy na pagkumbulsyon sa unang tatlong taon ng buhay
- Maraming anomalya habang maliit pa
- Mga pagkumbulsyon pagkapanganak o pagkumbulsyon nang hindi nilalagnat sa unang tatlong taon ng buhay
- Pinsala o abnormalidad sa gitnang sistemang nerbyos
- Impeksyon sa gitnang sistemang nerbyos
- Biyomedikal na insulto (pinsala, aksidente o sakit) na maaaring makaapekto sa kahihinatan ng pag-unlad
- Pagkalantad sa mga teratogen bago ipanganak
- Pagkahantad sa substansya bago ipanganak, positibong toxicology screen, o withdrawal bago ipanganak
- Pagkalantad sa alak ng fetus (fetal alcohol syndrome)
- Klinikal na lubos na walang kakayahang umunlad
- Paulit-ulit na hypertonia o hypotonia

**O ang magulang** ng sanggol/paslit ay isang taong may kapansanan sa pag-unlad

### **Papel na Ginagampanan ng Regional Center (Regional Center's Role)**

- Pinag-uugnay o isinasabay ang mga ebalwasyon upang malaman ang pagiging karapat-dapat sa mga serbisyo ng Early Start
- Kinukumpleto ang mga pagtatasa para sa pagpapalano ng serbisyo
- Nagbubuo ng Pang-Indibidwal na Plano ng Serbisyo sa Pamilya (IFSP), kabilang ang pagpapalano sa paglipat sa edad na tatlo



- Sinusubaybayan ang mga serbisyo at nagbibigay ng mga pana-panahong pagrerepaso at pagtatasa ng plano
- Pag-uugnayin ang mga kinakailangang serbisyo ng Maagang Interbensyon batay sa mga pangangailangan ng bata

### **Maaaring Kabilang sa mga Serbisyo ang:**

- Mga serbisyo sa audiology at paningin
- Pagsasanay ng pamilya/espesyal na instruksyon
- Mga serbisyong medikal
- Mga serbisyong nursing
- Occupational at physical therapy
- Mga serbisyong sikolohikal
- Patolohiya sa pananalita at wika

### **Pagiging Karapat-dapat sa San Diego Regional Center**

Ang mga indibidwal na tatlong taong gulang o mas matanda pa ay maaaring maging karapat-dapat sa mga serbisyo ng SDRC batay sa kapansanan sa pag-unlad na inilalarawan bilang:

- Ang Intellectual Disability (ID, Kapansanang Intelektwal) na tinatawag ding Intellectual Developmental Disorder (IDD, Sakit sa Pag-unlad na Intelektwal)
- Cerebral Palsy (CP)
- Epilepsy (EP)
- Autismo na tinatawag ding Autism Spectrum Disorder (ASD)
- Iba pang mga kondisyon **na** katulad ng sa mga kapansanang intelektwal at nagsimula bago ang edad **na** 18 taong gulang at malamang **na** magpatuloy nang walang takdang panahon at



maaaring binubuo ng malaking kapansanan sa tatlo o higit pang aspeto:

- Komunikasyon
- Pagkatuto
- Pagdirekta sa sarili
- Kakayahang Mamuhay nang Mag-isa
- Kakayahang Buhayin ang Sarili
- Pangangalaga sa Sarili
- Mobilidad

Kung hindi karapat-dapat ang bata sa ilalim ng depinisyon ng SDRC sa kapansanan sa pag-unlad at siya ay tatlo o apat na taong gulang, maaaring iangkop ang **Probisyonal na Pagiging Karapat-dapat**.

Kailangang matugunan ang mga sumusunod:

Hindi lamang sa pangangatawan ang kapansanan at ang bata au may malalaking limitasyon sa paggalaw sa hindi bababa sa dalawang aspeto ng pangunahing aktibidad sa pamumuhay:

- Pangangalaga sa sarili
- Wika sa pag-unawa at pagpapahayag ng sarili
- Pagkatuto
- Mobilidad
- Pagdirekta sa sarili

### **Papel na Ginagampanan ng Regional Center**

- Pag-uugnayin o ayusin ang mga pagsusuri upang mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo
- Kinukumpleto ang mga pagtatasa para sa pagpapalano ng serbisyo
- Nagbubuo ng Pang-Indibidwal na Plano ng Pamilya



- Pamamahala ng Kaso/Pag-uugnay ng mga Serbisyo
- Nagkakaloob ng koordinasyon ng mga serbisyo sa kapansanan sa pag-unlad

### **Ang mga Serbiyong Aming Ipinagkakaloob o Pinopondohan:**

- Pagtatasa o mga dyagnostik na ebalwasyon
- Pamamahala ng kaso o pag-uugnay ng serbisyo
- Pagbuo ng (IPP, Pang-indibidwal na Plano ng Programa)
- Mga serbisyo ng pagpapalano sa transisyon
- Mga serbisyo ng pagtatalaga sa lisensyadong residensyal na pasilidad
- Mga serbisyo ng pamumuhay nang mag-isa
- Mga serbisyo ng sinusuportahang pamumuhay
- Mga serbisyo ng suportadong trabaho
- Mga aktibidad ng pagsasanay sa araw/pang-araw na programa para sa nasa hustong gulang
- Mga ebalwasyon o serbisyo ng kasangguni
- Adbokasiya para sa proteksyon ng mga karapatang legal, sibil, at sa serbisyo
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali
- Pahinga para sa tagapag-alaga
- Impormasyon at mga serbisyong referral
- Transportasyon

*Upang maiproseso ang panayam, kailangang makipag-uugnayan sa SDRC ang magulang o legal na tagapag-alaga ng menor de edad, ng conservator, o hindi naka-conserve na nasa hustong gulang.*